# Rated PG

(Buod ng dula)

Isang dulang ganap ang haba ni Paraluman

Maraming inaasikaso si Joselle bilang ina. Kasama na rito ang paghahanapbuhay at pagpasok sa kung anu-anong maaaring pagkakitaan. Sa dami ng kanyang pinagkakaabalahan, wala na siyang panahong mag-isip pa ng paraan para masuheto si Tonton, ang anak niyang anim na taong gulang, kung hindi ang gawin ang nakagawian na sa kanya ng kanyang ina – ang mamalo o manigaw. Pero hindi naman ganoon kasamang ina itong si Joselle. Medyo natauhan naman siya noong napasagot si Tonton at napamukha sa kanyang hindi niya sinasadya ang ginawa niya at gusto lang niyang makatulong pero sinaktan pa rin siya ng mga magulang niya. Ayaw ni Joselle matulad sa sariling ina.

Nang ibalita kay Joselle na maaaring matuloy ang pagtatrabaho niya sa ibang bansa, naghanap siya ngayon ng mapag-iiwanan sa anak. Masyadong abala sa trabaho ang asawa nito, at tila makasarili ang panganay nila para mag-alaga ng bata. Habang naghahanap siya ng maaaring mag-aruga kay Tonton noong inaayos niya ang kanyang mga papeles, nahaharap rin si Joselle sa isang pagsubok: paano ba maging mabuting magulang? Tuwing napapasubo siya sa mga magugulong sitwasyon, naiisip niya ang mga pinto. Tila tagasagip niya ang mga pintong ito -- sa umpisa'y ito ang paraan ng pagtakas niya, pero sa kalauna'y naging daluyan ang mga pinto ng iba't ibang paraan ng paglutas sa mga problema ng pagiging magulang.

# Rated PG

Isang dulang ganap ang haba ni Paraluman

**MGA TAUHAN**

Nanay (Joselle) – ina, asawa, 40, *lower middle class, struggling entrepreneur*

Tatay (Romy) – ama, asawa ni Joselle, 40's, may delivery van

Rosalie – teenager, anak nina Joselle at Romy

Tonton – anak nina Joselle at Romy, 6 na taong gulang

Wilma – ina ng kaklase ni Tonton, 35

Makmak – anak ni Wilma, kaklase ni Tonton

Lola – ina ni Joselle

Mrs. Gulanta – guro ni Tonton

Inday – kumare ni Joselle, may koneksyon sa direct hiring sa ibang bansa

Mga kapitbahay, bata't matanda

**TAGPO**

Bahay, eskwela, isang komunidad kung saan karamiha'y mababang panggitnang-uri

Kasalukuyan

## ~ Unang Yugto ~

**<u>Eksena 1. Hit na Hit (Palong Palo)</u>**

*Magliliwanag. Magsisimula sa malakas na tili ang eksena. Ito ang tili nina TONTON at isa pang BATA na naglalaro sa baras na nasa plaza. Makikita rin sina ROSALIE kasama ang DALAWANG KAKLASE na nagkokoryo ng sayaw. Makikita rin si JOSELLE at DALAWANG CUSTOMER na binebentahan niya ng bra, bag, tupperware, atbp.*

JOSELLE: Kasya naman yan.

BABAE 1: Parang hindi e. May cup A ka ba?

JOSELLE: Wala na e. Punuan mo na lang ng retaso. Ay nga pala, may binebenta rin akong bag na gawa sa retaso.

*Titili uli si Tonton at guguluhin sina Rosalie. Maiirita si Rosalie.*

ROSALIE: Tonton, ano ba?! 'Nay, uuwi na nga ako.

JOSELLE: Sige, anak, buksan mo na rin yung bintana sa harap tapos ilagay mo ito (*may karatulang de-tali na may "Joselle's Conviniens Store")* ibenta mo ito. *(May iaabot na mga indian mango.) (sa kausap)* O alin dito ang gusto mo?

*Aalis na sina Rosalie. Magkakabanggaan sa baras sina Tonton at ang bata.*

TONTON: Ako nauna dito!

BOY: Hindi ah!

TONTON: Ako sabi e!

BOY: Inunahan mo ko e.

*Magkakasubukan ang dalawang bata. Malapit kina Joselle, titili uli si Tonton at mapapa-* SSSSSHHH *at* "Heh!" *ang mga customer ni Joselle. Mahihiya si Joselle, kukuha ng isa sa mga*

*binebentang gamit at papaluin sa puwet ang anak. Panay ang* "aray" *ni Tonton. Ngangawa siya.*

JOSELLE: Heh! Nakakahiya sa tao, ang ingay-ingay mo!

BABAE 1: Kanina pa nga ako nabibingi e.

BABAE 2: Ay, huwag! Baka ma-Bantay Bata ka.

JOSELLE: Malambot naman ito o *(tutukuyin ang pamalo)*.

BABAE 1: Kailangan yan ng bata.

BABAE 2: Kailangan ng bata o kailangan mo?

JOSELLE: E kasi akala ko ba naiingayan kayo?

*Ngangawa lalo si Tonton.*

BABAE 2: Lalo ngang umingay o. *(kukunin ang pamalo)*

JOSELLE: Palibhasa di kayo ang ina.

BABAE 2: Oy, kung ang pari nga na walang asawa, nagme-marriage counseling e.

BABAE 1: Kaya nga di ako lumalapit sa pari.

JOSELLE: Malakas lang ang loob mong magsalita kasi wala kang anak.

BABAE 2: Kilala mo ba ako? Alam mo lang ang size ng bra ko.

JOSELLE: At kuha ka nang kuha nang hindi nagbabayad.

BABAE 1: Tama na nga yan! Nagpapabwisit kayo sa batang yan.

JOSELLE: Hoy, anak ko yan!

BABAE 1: Ang ingay nga!

BABAE 2: Ang ingay mo din!

BABAE 1: Heh!

*Biglang papaluin ni BABAE 2 si BABAE 1.*

BABAE 1: Aray! *(papaluin sa puwet si BABAE 2)*

BABAE 2: Aray! *(papaluin si Joselle)*

JOSELLE: Hoy ano ba?

BABAE 2: Kitam! Gusto mo ba yon?

*Papaluin ni Joselle si Babae 1.*

BABAE 1: Aray! Akala ko ba kampi tayo? *(papaluin si Joselle)*

*Magkakapaluan ang tatlong babae at magiging absurdo na ang eksena. Mapapatigil si Tonton at papanoorin ang nangyayari.*

**Awit 1. Pa'no Ba Naman**

JOSELLE:

Ang magulang ba ay masisisi n'yo,

Kung siya'y mabigla't anak ay mapalo,

Pa'no ba naman, siya ay hapong-hapo,

Sisigaw pa 'to*, ay, ang kanyang puso! (* *'to – si Tonton)*,

Pa'no ba naman, sa kanyang araw,

Bawat trabaho'y pinapakyaw,

At ang gusto niya, kumita na agad (now!)

Bago ang mundo ay magunaw.

Maglo-load ng card,

Magbenta ng bag,

Ihatid ang mga labada,

Magsukat ng bra,

Mag-accounting pa,

Maghanda ng baon ng mga bata.

Magluto pa ng afritada,

Pa-cater sa birthday ni Ma'am,

*(sa manonood)* Ikaw, baka kailangan mo,

LED flashlight o sintas ng sapatos.

Pa'no nga ba naman ito?

Makakapag-isip pa ba ako?

Kung kaya't pag siya'y* nanggugulo, *(*siya - Tonton)*

Kalamay ang utak kong litong-lito.

*(Mangungulit/sisigaw uli si Tonton. Maghahanap si Joselle ng mga "pintuan.")*

Kung puwede lang nais kong tumakas,

Sa tungkulin, nais umatras,

Puwede bang ako'y bigyan ng basbas,

Buksan ang pinto at nang makalabas.

*(Maaring umulit ang talatang ito hanggang mabatid ni Joselle na bumalik siya sa kanyang pinanggalingan, na di siya nakatakas sa sitwasyon.)*

JOSELLE: *(Pasalita)* Nga pala, kanina pa ako nasa labas.

**Eksena 2. Sinabi sa yo!**

*Habang lumalabas si Joselle na hila-hila si Tonton, lalamlam ang ilaw sa bahaging iyon ng entablado at magliliwanag sa lugar kung saan makikita ang si BATA 1 (APRILBOY) na nagpapalipad ng saranggola sa bubong.*

MAGULANG 1: Hoy, April Boy, bumaba ka na diyan sabi e! Mamaya malaglag ka pa niyan!

*Mahuhulog nga ang bata. Pag hulog ay papaluin pa rin siya.*

MAGULANG 1: Sinabi na e! Uhm!

*(Kung mahirap ipakita sa entablado ang saranggola, puwedeng nagbabasketbol o tumbang preso o teks o naglalakad sa may ilog. Sasabihan siya ng magulang ng "itigil mo na yan, daanan ito e mamaya masagasaan ka!" o "tumabi-tabi ka at baka mahulog ka sa ilog!" Tapos may tunog ng dadaang sasakyan na biglang pepreno at kunwa'y nasagasaan ang bata, o kung sa ilog ay makakarinig tayo ng "splash" at mababasa ang bata. Mamamalo pa ang magulang.) Magdidilim sa bahaging ito ng entablado.*

**Eksena 3. Wanted:**

*Papasok sina Joselle at Tonton. Nasa daan pa rin sila. Magliliwanag sa bahaging ito ng entablado. Makakasalubong nila si INDAY.*

INDAY: Joselle, mare! Maganda ka pa sa di lang maganda.

JOSELLE: Aba, Inday, magandang gising natin ngayon ah.

INDAY: Mas gaganda ka pa sa akin pag narinig mo ang balita ko.

JOSELLE: E talaga namang mas maganda ak…

INDAY: Naalala mo ba yung nagdidirect-hires sa Barcelona? Aalis na yung Pinay na namamasukan at gusto na maghanap ng kapalit now na.

JOSELLE: Kelan ba ang alis niyan kung sakali?

INDAY: Sa loob ng one months.

JOSELLE: Isang buwan?

INDAY: Ayaw mo yun?

JOSELLE: Isang buwan lang?

INDAY: Baka nga mas maaga pa.

JOSELLE: Paano ang mga maiiwan ko dito, itong mga benta ko?

INDAY: Ako na ngang nalilito sa dami ng benta mo! Yung kombinyen istor mo nga sa bahay e di mo malaman kung kelan bukas.

JOSELLE: Kaya nga kombinyens store yun e kasi bukas siya kung kelan kombinyens sa akin. Alam na ng mga kapitbahay yun.

INDAY: Kaya nga. Ito iisa na lang ang trabaho mo, malaki pang kikitain mo. Ngayon, kailangan mo na lang ihanda yung mga visa, passport, ID, litrato, barangay clearan, NBI clearan, birth shertificate, marriage shertificate.

JOSELLE: Lahat yan sa isang buwan?

INDAY: Mas mabuti kung one weeks.

JOSELLE: Di ko puwedeng iwan basta-basta ang lahat.

INDAY: Tutulungan kita.

JOSELLE: Paano yung anak ko? Ang liit pa ni Tonton no.

INDAY: Hindi ako nagbebenta ng bata.

JOSELLE: Sira.  Ang ibig kong sabihin kanino ko iiwan si Tonton?

INDAY: Joselle, ikaw ba ay biyuda, o sumakabilang-bahay na ba si mister?

JOSELLE: Hindi ah.

INDAY: O di sa kanya.

JOSELLE: Tutok sa trabaho yon.

INDAY: O de parang praktis  mo itong isang linggong ito. Maghanap ka ng mapag-iiwanan kay Tonton habang inaasikaso mo ang paper mo.

JOSELLE: Teka muna kasi…

INDAY: Ay naku, Joselle, sayang yung chan (chance).

JOSELLE: Sinong Chan?

INDAY: Ang pagkakataon!  Baka wala nang second chan.    O ano ayaw mo?  Tandaan mo… one weeks.

*Lalabas si Inday.  Katahimikan.  Babalik si Inday.  May naiwan at kukunin ito.*

INDAY: Ipa-follow-ups kita ha.

*Lalabas si Inday.  Mukhang nag-iisip si Joselle.*

JOSELLE: Anak, halika na.

*Nakatitig lang si Tonton sa ina.  Parang may iniisip ang bata.*

JOSELLE: Tara na sabi!  Tara.  Iiwan kita sa lola mo.

*Hihilahin ni Joselle si Tonton.  Magdidilim.*

**Eksena 4. Lola Bruha**

*Magliliwanag.  Sa bahay ng lola, papansinin ni LOLA ang bawat kilos ni Tonton.*

*Tatakbo si Tonton, inaaliw ang sarili sa laro.*

*Maninindak si Lola pero sa mahinahong paraan.*

LOLA: Apo, apo. Halika. Kain ka ng beef o. *(kukutsarahin ang beef noodles)*

TONTON: Mamaya na, Lola.

LOLA: O sige. *(saglit na katahimikan)* O, o… baka matamaan itong stante ng tiyo Elmer mo. Baka may mabasag… Hala, ano yung nakita ko doon? May pulis. Naku nanghuhuli yung pulis ng batang takbo nang takbo. Ayan na o!

*Biglang titigil si Tonton. Uupo siya.*

*Di siya mapakali, walang magawa. May ie-explore siyang kilos hanggang sa maya't maya'y tatambling siya. May kukunin si Lolang nakalambitin na isang bunton ng mga bawang.*

LOLA: Ay naku, ano ba itong nakalambitin na ito dito? Bakit nakalabas yung tali? Ay oo nga pala, ito yung nanghuhuli ng paa ng mga batang malikot! Lalo na yung mga paang nakaganyan o *(tutukuyin ang pag-angat ng paa ni Tonton sa ere sa kalagitnaan ng pagta-tumbling)*! Alam mo ba, ulo daw ito ng batang matitigas ang ulo. Gusto mo maging bawang?

*Titigil si Tonton at iiling. Uupo nang tuwid si Tonton.*

LOLA: Ayan.

*Wala na namang magawa si Tonton.  Mayat' maya'y para bang kakanta si Tonton pero di maintindihan ang tono at mataas ang boses niya (naka-head tone), nakakairita sa tainga.*

LOLA: Ssssshhhh.  Di ko maintindihan yung binubulong sa akin.

*(magkukunwaring may bumubulong sa kanya.)*

*Mukhang takot si Tonton at manlalaki ang mga mata.*

LOLA: Hindi mo ba itatanong kung sinong bumubulong sa akin?

*Iiling si Tonton.*

LOLA: Hindi?

*Tatango si Tonton.*

LOLA: Mumu yun.  Mukhang bruha.  Masakit daw sa tenga yung kanta mo.

*Uupo si Tonton nang tuwid at tahimik.*

LOLA: Ayan.  Tama yan.  Wag ka nang kumilos diyan para hindi magulo.

*Magliligpit na si Lola ng ibang gamit sa kusina.*

LOLA: Tonton, tulungan mo ko dito.

TONTON: Bawal po kumilos.

*Titingnan ni Lola nang masama si Tonton.*

LOLA: Naku, apo, pag tumulong ka, kita mo yung sakong yon?  Nasa loob ang bolang ibibigay ko sa yo.  Kukunin ko yoon.  Pag di ka tumulong, lalamunin ka ng sako.

JOSELLE: *(Off-stage)* Tonton!  'Nang!  'Nang!

*Papasok si Joselle, may dalang folder at brown envelope.  Tatakbo si Tonton at saka yayakap nang mahigpit sa ina.*

JOSELLE: O, Tonton, tara na, uuwi na tayo.

*Magmamadali si Tonton sa pagkuha ng mga gamit at saka hahawakan ang kamay ng ina.*

LOLA: Di ka ba magpapaalam sa lola?

*Matitigilan muna si Tonton saka magbababay. Magdidilim ang bahagi ng entablado ni Lola habang mas titindi ang liwanag sa bahagi ng entablado na kunwa'y kalsada. Maglalakad ang mag-ina palabas ng "bahay" ni Lola.*

TONTON: 'Nay, 'nay, may kwento ako sa yo. Alam mo yung kwento noong batang naging bawang? Pag naggaganito siya *(aakmang magta-tumbling),* huhulihin siya ng tali tapos magiging bawang siya.

JOSELLE: *(akala inimbento niya lang yoon)* Ah talaga? Paano siya magiging tao uli?

TONTON: Ewan ko. Nagiging statwa siya e. Gagawin siyang statwa noong bruha.

JOSELLE: Nakakita ka na ba ng bruha?

TONTON: Opo, yung maputi ang buhok, malaki ang ilong *(mas maganda kung ang ilalarawan ay malapit sa itsura ng artistang gaganap sa papel ng lola)*. Meron siyang malaking sako na matakaw. Lalamunin ng sako yung statwa.

*Matitigilan si Joselle.*

JOSELLE: Sako? *(Haharapin ang anak)* Nilamon ba nung sako yung statwa?

TONTON: Montik na.

**Awit 2. Huwag Mag-Alala**

JOSELLE:

Huwag nang mag-alala pa,

Anak, iwaglit na

Sa isipan ang mga

Bruhang ginagawang bato

Ang batang katulad mo

At ang sako na sinabi mo

Di ka malalamon nito

Huwag ka nang,

huwag ka nang matakot,

Andito'ng nanay mo.

Anditong nanay mo,

Anditong tatay mo,

Pangako, 'di namin hahayaang

Hulihin ka ng isang bawang,

Basta't wag bibitiw, kumapit lamang,

Hangga't di pa kayang humayo,

Kasabay ako, di ka iiwan.

TONTON: *(pabigkas)* Hindi nga?

JOSELLE:

Huwag ka nang mangamba,

Huwag ka nang mag-alala.

Pumikit, hayaan mo na…

TONTON: *(pabigkas)* ‘Nay, ‘nay, ‘nay! Pinapatulog mo ba ako? Nasa labas tayo, wala dito kama ko.

JOSELLE: Ay oo nga. Tara.

*Magdidilim.*

**<u>Eksena 5. Tsinelas</u>**

*Magliliwanag ang entablado sa bahagi ng bahay ni Joselle. Nagliligpit ng mga kahon si ROMY. Sa isang bahagi ng bahay na ito’y may isang (disposable) aluminum tray na may takip. May paper plates, plastic spoon/fork, at plastic cups. Papasok sina Joselle at Tonton sa bahay.*

JOSELLE: Romy, dumating na ba yung magpi-pick-up nitong pinaluto sa akin?

ROMY: Hindi pa.

JOSELLE: Buti na lang bayad na yan. Kung dumating e ipakuha mo na lang dito.

*Bubuksan ni Tonton ang pagkain sa tray. Tatapikin ni Joselle ang kamay ng bata.*

JOSELLE: Huwag mo galawin yan. *(Kay Romy)* Tapos paki bantay si Tonton, aalis ako.

ROMY: E may delivery ako maya-maya.

JOSELLE: Sandali lang naman, e, kailangan ko nang lakarin yung barangay clearance at NBI clearance ko. Baka sa loob ng isang buwan makaalis na ako sa Barcelona —

ROMY: Isang buwan? Ba't ang bilis?

JOSELLE: Kaya nga kelangan ko nang gawin lahat ng dokumento at iwan ko muna si Tonton sa iyo hanggang makabalik si Rosalie para sabay sila sa eskwela.

ROMY: Antayin mo na si Rosie.

JOSELLE: Kelangan ko kasing magpunta sa DFA.

ROMY: Matagal pa naman ang isang buwan.

JOSELLE: Matagal? Kanina lang, nagulat ka.

ROMY: Sa umpisa lang yun. Madali akong mag-adjust.

JOSELLE: Ayan ka na naman e. Tapos pag andyan na, matataranta ka. Ililista ko ang mga ibibilin ko pero sa ngayon kailangan ko ng kooperasyon mo. Nakita mo ba yung marriage certificate natin?

ROMY: Pati ba yun ipapahanap mo sa akin?

JOSELLE: Hindi, nagtatanong lang. Hahanapin ko na. Yung pina-cater sa akin ha.

ROMY: Oo, alam ko.

JOSELLE: Huwag nyong gagalawin yung---

*Lalabas si Joselle, maiiwan ang mag-ama. Malambing naman si Romy sa anak sa umpisa.*

ROMY: Andyan na ba yung baon mo para sa eskwela?

TONTON: Opo. Ano po yan?

ROMY: Trabaho yan.

*Hahawakan ni Tonton.*

ROMY: Hindi yan laruan.  Iwan mo lang diyan.

TONTON: Opo.  *(kukuha ng twalya, papahiran ang ama.)*

ROMY: Wow naman, ang bait ng anak ko.

TONTON: ‘Tay, gusto mo magmerienda?

ROMY: Hooo, gusto mo lang ding kumain no?  Sige.

*Kukuha si Tonton ng plato (ito yung paper plate na malambot na pag hindi hinawakan nang mabuti, madaling matapon ang pagkain) at kukuha siya ng pagkain mula sa catering.  Dadalhin ni Tonton ang pagkain sa isang kamay habang kumukuha ng kutsara.*

ROMY: Hawakan mo ng dalawang kamay ang plato---

*Mahuhulog ang pagkain sa kahong tinatrabaho ni Romy.*

ROMY: Ayan na nga ba ang sinasabi ko eh!  Gago.

*Mabilis ang pangyayari:  maiiyak si Tonton at maririnig ni Joselle ang sigaw at iyak, makikita ang nabawasang pagkain sa tray. Papaluin ni Romy si Tonton ng tsinelas.*

JOSELLE: Sinabi ko na sa ‘yong huwag bawasan ang pagkain e!  Di ka ba nakakaintindi?

*Maiiyak si Tonton sabay magdadabog.*

TONTON: Tumutulong lang naman ako e!

ROMY: Tarantado itong, marunong na magdabog. *(Iaamba ang tsinelas sa bata.)*

*Magbabago ang ilaw (ibig sabihi'y magbabago ang realidad). Biglang papasok si Joselle sa isa sa mga pinto. Mapapatili si Joselle – para bang ito'y tili ng isang taong nalilito, gustong takasan ang nangyayari pero puwede rin itong pagkamalang tili ng taong natatakot sa ipis. Magbabago muli ang ilaw (bumalik sa realidad). Aagawin ni Joselle ang tsinelas at kikilos na akala mo'y nagpapatay ng ipis. Saka aalis si Tonton at lalabas.*

ROMY: Kaya namimihasa ang bata kasi di nakakatikim ng totoong parusa.

JOSELLE: Kanina, pinalo ko siya sa harap ng maraming tao.

ROM: O kitam. Di pa rin natuto. Ako, mas tumatag ako dahil sa pagdidisiplina sa akin ng mga magulang ko.

JOSELLE: Anong klaseng disiplina yon? Noong bata ako, noong nagkamali ako, pinasok ako ni inang sa sako. May gumagapang na kung anu-ano sa loob. Pinagtatawanan nga nila ako noon kasi ayaw ko ng karerahan sa sako.

ROMY: Para karera sa sako lang pala e. Ako, natuto akong gumalang sa nakatatanda kasi pinakain ako ng sabon tuwing magmumura ako.

JOSELLE: E ba't nagmumura ka pa rin ngayon?

ROMY: Hindi ako nagmumura sa mas matanda ha. Sa mas bata lang.

JOSELLE: Ayaw ko matulad sa mga magulang natin. Kasi dahil sa mga parusa nila, hindi ako naging malapit sa nanay ko.

ROMY: Hindi ko naman kailangang maging malapit sa tatay ko e.

JOSELLE: Ako, gusto kong maging malapit sa akin ang mga anak ko.

ROMY: Hindi lang ikaw ano.

JOSELLE: Ayaw kong masanay na nilalayuan ako ng anak ko. Pag napunta ako sa ibang bansa, ayaw kong ang naaalala niya ay yung pagpalo ko sa kanya.

ROMY: Kahit naman di mo siya paluin, mapapalayo ka pa rin sa kanya kasi aalis ka.

*Katahimikan.*

ROMY: Ayan, matatagalan pa ako nito. Lilinisin ko pa itong kalat na ginawa ng anak mo.

JOSELLE: Kung ayaw mong bantayan si Tonton, maghahanap ako ng iba!

*Lalamlam ang ilaw sa bahaging ito ng entablado.*

**<u>Eksena 6. Itik-itik</u>**

*Lalabas ng bahay si Joselle. Titindi ang ilaw sa bahaging ito ng entablado. Makikita ni Joselle ang kapitbahay niyang si GLENDA. (Kunwari'y makikipagkwentuhan itong si Joselle pero gusto lang sana niyang iwan sa kapitbahay ang anak.)*

JOSELLE: Glenda, kumusta? Kumusta na si Bote?

GLENDA: Eto.

*Darating ang anak na si BOTE (Roberto), may dalang maliit na bibi o itik. Agad kukuha ng walis tambo si Glenda. Hahabulin niya ang anak.*

GLENDA: *(Onstage at off-stage depende sa habulan)* Pasaway kang Roberto ka. Bumili ka na naman ng itik! Inaaksaya mo ang baon mo! Anong akala mo sa pera – alikabok, nawawalis lang sa sahig? Itapon mo yan! Itapon mo sabi e. *(sa puntong ito kaharap na niya si Joselle pero sinisigawan pa rin ang anak na off-stage)* Iplash mo yan sa kubeta! Iplash mo!

*Maririnig ang pag-flush. Magpapatuloy ang huntahan ng dalawa, akala mo'y walang nangyari. Medyo mawiwindang si Joselle. Babalik din si Bote sa entablado.*

GLENDA: Alam mo itong si Bote, number one sa science. Mahilig ata sa hayop. Mahilig ka sa hayop, 'no?

BOTE: Mahilig po ako sa hayop.

GLENDA: Puwede siguro itong maging doktor ng hayop. Yung anong tawag doon?

BOTE: Vet po.

GLENDA: Pet. Mahal ata yun ano?

JOSELLE: Oo ata.

GLENDA: O kaya matador.

*Maririnig ang huni o tunog ng itik. Susugurin na naman ni Glenda ang anak.*

GLENDA: Ako ba'y pinaglololoko mo ha? Sinabi nang itapon mo!

*Pa-tiptoe at pasimpleng aalis na lang si Joselle. Lalamlam ang ilaw sa bahaging ito ng entablado.*

**Eksena 7.   Generations**

*Titindi ang liwanag sa bahagi ng bahay ni Joselle. Makakasalubong niya si Rosalie kasama ang BARKADA niya (BEMBETTE, AIKO, PEARL). Ilalagay na uli ni Rosalie ang karatula at bubuksan ang "convinience store" nila.*

PEARL: Aling Joselle, may chocnut kayo?

AIKO: *(may dadamputing pangkikay na gamit)* Ay, ang cute, meron pala kayo nito.

PEARL: Ozie, palista ha.

*Tatango si Rosalie. Mandidilat ang mga mata ni Joselle, tila asiwa sa palayaw ng anak.*

BEMBETTE: Aling Joselle, pabili po ng yosi. *(Halatang nagsisinungaling)* Nagpapabili si tatay e.

JOSELLE: Wala kaming yosi e.

BEMBETTE: Ah ganun po ba? Sige, sa kabilang tindahan na lang po ako. *(Kay Rosalie)* Mam'ya ha! *(Kay Joselle)* Sige po, aling Joselle.

*Lalabas ang barkada.*

JOSELLE: Sige, Bembette. Ikumusta mo ako sa tatay mo ha? Sabihin mo, siya mismo ang bumili ng yosi niya ha?

ROSALIE: Nay naman e.

JOSELLE: O, Sally…

ROSALIE: O-Z po.

JOSELLE: Rosalie, anak, samahan mo ang kapatid mo hanggang mamaya. Isama mo pag pasok sa 'skwela. May mga lalakarin lang ako.

ROSALIE: Ha? E… imi-meet ko sina Bembette e.

JOSELLE: Alam mo, okay lang sa aking may kabarkada ka e. Pero yang Bembette na yan, iba ang dating e.

ROSALIE: Iba talaga. Iba rin ang dating n'yo sa kanya.

JOSELLE: Ano?

ROSALIE; Di n'yo naman kilala yung tao.

JOSELLE: Kung ganyan ka magsalita, parang kilala ko na siya. Di ka naman ganyan dati ah.

ROSALIE: Ang babaw naman ng tingin n'yo sa 'kin. Ano, madali akong maimpluwensyahan ng ibang tao?

JOSELLE: Sinasabi ko lang mag-ingat ka, baka kung saang landas ka iligaw niyan.

ROSALIE: 'Nay, magpapraktis lang kami para sa oratorical contest.

JOSELLE: Oratorical e di ba pang-isang tao lang yan.

ROSALIE: Hindi. Group work ito, estilong rap. Original. Di ba nga kinwento ko na ito sa inyo, di lang kayo nakikinig.

JOSELLE: Pasensya ka na, marami akong iniisip.

ROSALIE: Kaya pala nagdududa kayo sa sinasabi ko.

JOSELLE: Sinong nagsabi sa yong nagdududa ako?

ROSALIE: Dinig na dinig sa tono ng boses nyo.

JOSELLE: Ikaw kaya, pinagbibintangan mo akong di ako nakikinig sa yo.

ROSALIE: Talaga naman e, puwede ba?

JOSELLE: May pa-"pwede ba, pwede ba" ka pa diyan! Nanay mo itong kausap mo ha.

ROSALIE: Alam ko.

*Magugulat si Joselle at titigil ang eksena. Gusto na niyang manampal pero pipigilan niya ang sarili niya.*

JOSELLE: Ahhhggggh!

*Papasok na naman si Joselle sa kanyang pinto-sa-ibang-mundo (o puwede siyang lamunin nito). Magbabago ang ilaw (iba ang realidad). Pero ngayon bigla niyang makakasalubong si Lola.*

LOLA: Ngayon alam mo ang nararamdaman ko. Ayan nga ba ang problema ngayon, nawawalan na ng takot ang kabataan. Takutin mo. O kung di umubra sa takot, sampalin mo. Dapat alam niya kung saan siya lulugar.

*Iaamba na ni Joselle ang mga palad niya, animo'y may sasampalin na pero mapupunta uli siya sa ibang pinto at doon makakasalubong si Romy.*

ROMY: Akala ko ba gusto mong maiba sa nanay mo?

*Malilito si Joselle at babalik sa pinto. Babalik na sa realidad, pati ang ilaw, kaharap ni Rosalie.*

JOSELLE: Basta! Pag sinabi kong ikaw ang magbantay sa kapatid mo, babantayan mo ang kapatid mo!

*Lalabas si Joselle at maiiwan si Rosalie.  Mapapadabog ang dalagita.*

**<u>Eksena 8.   Tama Komo Mas Matanda</u>**

*Sa parehong lugar, papasok dahan-dahan si Tonton, may tinatago, tila makikiramdam. Makikita siya ni Rosalie.*

ROSALIE: Ano yan?

TONTON: Wala.

ROSALIE: Puwede ba yun?

TONTON: Ate Rosie.

*Hindi mamamansin si Rosalie.*

TONTON: Ate Rosie!  Ate Sally?  Ate Sally!

ROSALIE: Bakit ba pinaghalo ng mga magulang ko ang pangalan nila!?!

TONTON: Ang pangalan ni tatay ay Romy, ang pangalan ni nanay ay Jocelyn.  Dapat pangalan mo Rocelyn.

ROSALIE: Heh! Tama ka na nga.

TONTON: Laro tayo, 'te.

ROSALIE: Ikaw na lang.  Magsusulat pa ako para sa school.

*Saka isasabog ni Tonton ang mga laruan niya at maglalaro.  May halong karinyo-brutal na bibiruin ng Ate ang nakababatang kapatid. Halos parang tipikal na bullying ng Ate pero mas may halong lambing.*

ROSALIE: Oy, bata, bata, pagkatapos mo niyan, iligpit mo yan ha. Oy, bata, bata, ikuha mo kong tubig ha. Di ka pa ba tapos maglaro? Halika nga. *(mapaglarong aamuyin ang kapatid)* Naku, ang bantot. Nakakahiya ka sa classmates mo. Ang bantot-bantot mo. Buti di ka nila sinusuka. *(magkukunwaring nasusuka, tapos marahang sisipa-sipain ang bunsong kapatid, parang kinikiliti pero gamit ang paa)* Waaaah, ang baho-baho… amoy araw, amoy imburnal. Ang bantot o! Hahaha! Nakakahiya, ang bantot! Maligo ka nga! Maligo ka, ang baho-baho mo.

TONTON: *(mapipikon)* Heh! Tarantado! Gago!

ROMY: Hoy, ano yan ha? Huwag mong tatawagin ng ganyan ang ate mo. Ate mo yan. Dapat ginagalang mo ang mas matanda. Dapat susundin mo. Ano?! Anong gusto mong gawin sa yo ha? Gusto mong kumain ng sabon? Pumili ka – sabon o sili. Rosie, kumuha ka ng sabon.

*Hindi makakilos si Rosalie. Umiiyak nang tahimik si Tonton. Magbi-build up ito hanggang sa ngumawa siya. Kakambiyo si Romy.*

ROMY: O tahan na. Sa susunod, huwag mong tatawagin nang ganyan ang ate mo ha. Kung hindi, pakakanin kita ng sabon. Tinuturuan lang kita ng tama. Ha? O tahan na. Tahan na sabi. O sige. Mag-sorry ka sa ate mo.

TONTON: S-sorry, ate.

ROMY: O sige. Iwan ko muna kayo diyan at may idedeliver pa ako. Tahan na.

*Magpapakita ng lambing si Romy sa anak (guguluhin niya ang buhok ng bata), para bang humihingi ng tawad sa anak gayung ayaw niyang aminin ito.*

*Hihikbi-hikbi pa si Tonton.  Maaawa ang ate sa kapatid.*

ROSALIE: Gusto mo ng ice cream, Tonton?

*Hindi iimik si Tonton.*

ROSALIE: Huy, kinakausap kita.  Gusto mo ng ice cream?

*Hindi pa rin iimik ang bata.*

ROSALIE: Utoy, tara na.  Uuuy, ngingiti na yan.

TONTON: Wala naman tayong ice cream e.

ROSALIE: Pupunta nga tayo sa kabilang tindahan.  Halika!

*Lalamlam ang ilaw sa bahagi ng bahay at magliliwanag sa bahagi ng kalye.  Maglalakad ang magkapatid.  Tahimik sa umpisa.*

ROSALIE: Sorry, utoy, ha?  Kinukulit lang kita e.  Di ko naman akalain… *(a beat)* Alam mo, hindi mo ko dapat sundin dahil lang sa mas matanda ako sa yo. Susundin mo ako kasi tama ang sinasabi ko.

TONTON: Ate, ano ba ang tama?

**AWIT 3.  Ano ba ang Tama?**

ROSALIE:

Ano ang tama,

Ano nga ba ang tama?

MGA TAO SA PALIGID (ISA-ISA):

Si *(opponent ni Pacquiao at the time)*, may tama,

Sa lotto tumama,

Lasing o may tama.

TONTON *(as if he remembered some examples)*:

Eto ba ang tama--?

Tanong ni nanay, alin diyan ang pula,

Tinuro ko 'to *(may tinurong pulang gamit)*, sabi niya, "Yan! Tama!"

Pag naglaro itago ang kalat, di ba yan ang tama,

Sagot niya, "Yan! Tama!"

ROSALIE: *(pabigkas)* Pero di lang yun.

KORO ~

ROSALIE: *(awit)*

Kung tama ka, kita sa yong gawa,

Kung nakakatulong o nakakatuwa,

Kung mali ka, baka may ngumawa,

Merong masasaktan o kinakawawa.

Wag pasaway, kain ka ng gulay,

Tulog ka'ng maaga, mag-"po" sa matanda.

Kung tama ka, ya'y nakakatuwa,

Kung mali ka, may kinakawawa.

Kung iutos ko,

Sipain ang aso,

Agawin ito, *(may kukunin sa ibang bata)*

Tawagin siyang gago. (*may ituturo at sasabihan ng,* "Gago!")

*(pabigkas)* Susundin mo ba ako?

TONTON: Hindi?

ROSALIE: Hindi.

TONTON: Kasi?

ROSALIE: Mali.

TONTON: Mali?

ROSALIE: Sabi, mali.

TONTON AND ROSALIE: *(awit)*

Hindi, hindi kasi mali.

Mali sabi mali.

*(Ulitin ang koro)*

TONTON: *(pabigkas)* Ate, di ba kawawa ako?

ROSALIE: Bakit?

TONTON: Kasi masakit dito ko o *(ituturo ang bahagi kung saan siya pinalo ng tsinelas)*. 'Tas akala ko pakakanin niya ako ng sabon. 'Tas sabi niya tinuturuan lang niya ako ng tama. Ano ba talaga yun?

ROSALIE:

*(aawit sa sarili)* Ano ang tama?

Ano nga ba ang tama?

Ang tanong mo'y maraming kasagutan,

Sa pagtanda, do'n matutuklasan,

Hamo, my bro, maraming aakay

Sa yo gagabay sa yong paglalakbay.

ROSALIE: Basta, makukuha mo rin yun!

*Magdidilim.*

**Eksena 9. D Truth Hurts**

*Kinabukasan na. Maririnig ang tilaok ng manok at magliliwanag ang entablado. Magdaraanan ang MGA TAO. Makikita sina JOMAR at KITKAT, mga teenager na natatawa at namimintas sa mga dumaraan. (Mababago rin ito, at magdedepende ang katawagan sa itsura o kasuotan ng mga magsisiganap.)*

*May dadaang mataba.*

JOMAR: Parang Santa Claus.

KITKAT: Biik.

JOMAR: Lechon na.

KITKAT: Nakakita ka na ng litrato ng lumba-lumba?

KITKAT/JOMAR: Hahahaha!

*May dadaang mukhang sunog sa araw.*

JOMAR: 'Di kita sa dilim.

KITKAT: Kulay uling.

*May daraang payat.*

KITKAT: Ang payat o.

JOMAR: Parang tingting.

KITKAT: Naiwan ang hanger sa balikat.

KITKAT/JOMAR: Hahahahaha!

PININTASAN: Kayo ba di n'yo ko titigilan?

KITKAT: Tabi ka, Jomar, baka masundot ka niya!

JOMAR: Hindi! Hihipan ko lang bagsak na yan.

KITKAT/JOMAR: Hahahahaha!

PININTASAN: Nasan ba ang mga magulang nyo ha?

MAGULANG: Bakit ha?

PININTASAN: Turuan nyo ng mabuting asal yang mga anak nyo!

MAGULANG: *(sa mga bata)* Anong ginawa n'yo?

KITKAT: Sabi po namin mukha siyang patpat, ano pala -- payat.

MAGULANG: Nagsasabi lang naman ng totoo ang mga bata ah. *(tatalikuran na ang pinintasan)* Sige ingat kayo baka pagkamalan kayong pana.

LAHAT PUWERA PININTASAN: Hahahahaha!

PININTASAN: Mga walang modo! Wala kayong… wala kayong… maghihikahos kayo habang buhay! Isinusumpa ko!

*Patuloy ang pagtawa ng mag-iina/mag-aama habang palabas sila ng entablado. Susundan sila ng panunumpa ng pinintasan. Lalamlam ang ilaw hanggang magdilim ang bahaging ito ng entablado.*

**Eksena 10. Communal Parenting**

*Titindi ang liwanag sa bahagi ng bahay ni Joselle. Naghahanda sa umaga ang mag-anak.. May kanya-kanyang ginagawa ang iba habang sabay-sabay ang gawain ni Joselle, nagmu-multitasking at jina-juggle ang pagtatrabaho. Samantala, nakikipaglaro si Romy kay Tonton.*

ROSALIE: *(nabubuwisit sa narinig na ingay sa eksena 9)* Ang aga-aga naman noon.

JOSELLE: Ano ba naman yun magulang noon.

ROMY: Narinig mo yun? Akala ko bising-busy ka.

JOSELLE: Hindi naman tainga ang gamit ko pagplantsa.  Kung andoon ako, hindi ko papabayaan ang mga batang magsabi ng ganoon.  Kahit di ko pa sila anak.

*Magkikibit-balikat lang si Rosalie.*

ROMY: Sige nga, ‘nay, sugurin mo.

JOSELLE: Wehehe. Ang kyut-kyut mo.

ROMY: Sabagay, nakakahiya nga.  Mauubos ang detergent bar sa bibig nila.

JOSELLE: Hindi lang sa nakakahiya e.  Marinig ng ibang mga bata, akalain nilang tama yoon kasi pinagtatawanan lang.

ROMY: Hayaan mo na sila. Sabihin pang nangengelam ka.

JOSELLE: Yan ang hirap nga e…   Minsan dapat mangelam.  Ikaw, puwede ka bang mangelam?  Mamaya magpapa-picture ako atsaka pupunta ako sa NBI…

ROMY: May susunduin akong mga gamit.

JOSELLE: Isabay mo na sila.

ROMY: Out of the way e.

JOSELLE: Hmp.  Naku.

ROMY: *(Maglalambing)*  Gagawin ko naman kung kaya, kaso bulto-bulto ito tapos pabalik-balik pa kami mula dito hanggang Bulacan.

TONTON: ‘Nay, ako na lang. Malaki na ako o!  Kaya ko ito.

JOSELLE: *(manggigil, mapapayapos kay Tonton)*  Ay hindi, anak, hindi.  Matagal pa yun. *(kay Rosalie)*  Sally, anak…

ROSALIE: Okay, okay, ako na.  Ako na.  Huwag n’yo lang akong tawaging Sally ok?

JOSELLE: Ikaw ang bahala sa kapatid mo ha?  Huwag patatawirin mag-isa.  Ang hilig pa naman niyan tumakbo.  *(kay Tonton)* Kakapit ka sa kamay ni ate ha?  O sige.

*Makikita ang isa-isang pag-unplug, kumbaga, ni Joselle sa lahat ng gawain niya – maaaring ang pag-abot ng baon nila, ang pag-alis sa saksakan ng plantsa, ang paglagay ng mga papeles sa isang sobre, ang paglagay ng mga bentahin sa bayong. Hindi siya mukhang taranta, at kalmado siya habang ginagawa ang mga ito. Pero sa totoo lang, magkakagulo ang mga ito: halimbawa, ibibigay ang plantsa kay Rosalie, imbis na baon, ibibigay ang bayong kay Tonton. Magdidilim.*

**Eksena 11. Manggang Hilaw**

*Magliliwanag ang entablado. Nasa eskwelahan ang isang TEACHER, isang INA at isang ESTUDYANTE.*

TEACHER: Kasi naman, misis, kasing lutong ng manggang hilaw kung magmura ang anak ninyo. Tinanong ko siya kung saan niya nakuha, eto ang sagot.

*Ituturo ng estudyante ang ina niya.*

INA: *(babatukan ang anak)* Sinungaling! Tang inang batang ito!

*Saka mapapadaan doon sina Rosalie at Tonton. Lalabas na ang guro, ina at estudyante.*

**Eksena 12. Brotherly Blackmail**

*Makakasalubong nina Rosalie at Tonton si Bembette.*

BEMBETTE: Ozie, makakapag-practice ba tayo?

ROSALIE: Oo naman. 'ket?

BEMBETTE: Kung wala tayong gagamitin sa praktis, anong ipapraktis natin?

ROSALIE: Meron ah. Sige susunod na ‘ko.

*Magkakamayan sina Bembette at Rosalie, pinapakitang magkasama sila sa isang barkada.*

ROSALIE: Tonton, di ba sabi mo kay nanay, malaki ka na? Mama ka na, di ba? Kaya mo nang pumunta sa classroom mo mag-isa. Antayin mo na lang ang klase mo, okay?

TONTON: Sama na lang ako sa yo.

ROSALIE: Hindi na.

TONTON: Bakit?

ROSALIE: E sa may gagawin nga ako. Kulit.

TONTON: Ate, jowa mo siya? *(ingunguso si Bembette)*

ROSALIE: Anooo?

TONTON: Jo—

ROSALIE: Kung anu-anong naririnig nito! Bawasan mo na nga yang pagti-TV mo. Dapat pagkatapos ng “Panday Kids” tama na ang TV.

TONTON: Bakit si Makmak, puwedeng manood ng TV gabi-gabi na?

ROSALIE: Gabi-gabi o gabing-gabi.

TONTON: Pareho?

ROSALIE: E… iba siya. O, go, go, go na sa classroom mo—

TONTON: Buti pa sa iba. Si Makmak araw-araw nasa plaza. Bakit bawal ako doon?

ROSALIE: Makulit ka kasi. Di ka na puwede doon.

TONTON: Bakit si Frankie…

ROSALIE: Sino namang Frankie yan?

TONTON: Kumakain si Frankie ng pinoy big burger. Ako hindi. *(a beat)* Bawal ba sa akin yun?

ROSALIE: Hindi.

TONTON: Talaga? Hindi bawal sa akin yun?

ROSALIE: Hindi nga sabi.

TONTON: Punta tayo sa kanto. Now na.

ROSALIE: Sabi na nga ba e nasho-showbiz ka na e. Hanggang SNN gising ka no? Kaya kung anu-anong naririnig mo e.

*Pasayaw ang galaw ni Tonton, parang nag-aayang puntahan yung bilihan ng burger.*

ROSALIE: *(halatang nagpapalusot)* Wala akong pambili.

*Tutungo si Tonton, parang nagpapaawa. Katahimikan.*

ROSALIE: Ganito na lang. Ibibili kita ng pinoy big burger kung tatambay ka na diyan sa classroom mo, 'k? May gagawin pa si Ate.

*Masigasig ang pagtango ni Tonton saka tatakbo palabas sabay kumakaway ang mga kamay at sumisigaw ng "*Ýehey!" *Mapapailing lang si Rosalie.*

**Eksena 13. Oratorical Rap**

*Lalakad si Rosalie sa isang bahagi ng entablado kung saan nag-aabang ang barkada niya (Pearl, Bembette, Aiko, pati ang lalaking si JAN). May ilalabas si Rosalie na notebook.*

AIKO: Yan! O ano, may nasulat ka na?

ROSALIE: Naumpisahan ko pa lang.

AIKO: Di mo natapos?

ROSALIE: Bingi ka ba?

AIKO: Ay ang sungit.

ROSALIE: Sorry. Daming nangyayari sa amin e.

*Halos magkasabay na hihimasin ni Pearl at Jan ang likod ni Rosalie, parang sinasabi naiintindihan nila, pero mauuna si Pearl kaya aalisin agad ni Jan ang kamay niya.*

BEMBETTE: Pabasa nga. *(Kukunin kay Rosalie ang notebook)*

ROSALIE: Naisip ko, ano kaya kung tao ang kalikasan. Di ba sabi nila tayo ang mag-aalaga ng kalikasan? Tayo ang magulang, kalikasan ang anak. Paano kung anak ang hangin, dagat, ulan, ganun!

JAN: Ano nga uli ang theme ng oratorical contest?

ROSALIE: Isa ka pa.

PEARL: Jan, eto o. *(Ilalabas ang uniform t-shirts nila na may tema ng kalikasan at kabataan.)*

LAHAT: Wow! Ang ganda!

BEMBETTE: Ito rin, ang ganda *(tutukuyin ang sinulat ni Rosalie)*. Hit it, Ozie!

**Awit 4. Magulang ng Kalikasan (pang-hip-hop)**

ROSALIE:

*KORO ~*

Alagaan, kalikasan

Pabayaan, then it'll all be gone!

Parang bata yan, at magulang tayo,

Pa'no ba tratuhin ang mga anak?

Hindi sa iyo yan, panglahat ang mundo.

Damay ang tao kung ito'y mapahamak.

*(Uulitin ng lahat ang koro)*

ROSALIE:

Gaya niyang si Tubig, El Niño ang alias,

Nagtatakang lahat, bakit siya ay lumayas.

ROSALIE: Hanggang diyan pa lang. Dugtungan na natin.

BEMBETTE: Ba't nga ba siya lumalayas?

JAN: Eh kasi mainit ang paligid, natutuyo ang tubig.

PEARL: Yung ang kalikasan version; pero yung tao version, kaya siya lumalayas, kasi pinag-iinitan siya.

AIKO: Nagtampo.

BEMBETTE: Di naintindihan.

ROSALIE: Tama! Pinag-iinitan sila. *(sabay niyang isusulat ang mungkahi at ira-rap ito)* Gaya niyang si Tubig…

*Lalapatan ito ng body sound accompaniment at sasayaw din ang iba.*

ROSALIE: El Niño ang alias/ Nagtatakang lahat/ ba't siya ay lumayas/ siya'y pinag-initan/ hindi maintindihan/ nagtampo ang… ang…

JAN: Gago?

*Titingnan siya nang masama ng iba.  Si Rosalie lang ang matatawa.*

ROSALIE: Aayusin ko na lang, kukunin ko na lang suggestions nyo.

AIKO: Ehem.

*Magkakangitian sina Aiko, Bembette at Pearl.  May kahulugan ang ngitian ng magkakaibigan – kasi parang nagkakagustuhan sina Jan at Rosalie.  Nakatitig pa si Jan kay Rosalie.*

ROSALIE: *(sa barkada)* Ano?

AIKO, BEMBETTE, PEARL: Wala.  Game.

ROSALIE: Ano pa…

PEARL: Yung ano – hangin, kunwari nagyoyosi yung hangin.

ROSALIE: Astig!  Sige, sige!

BEMBETTE: Nagyoyosi ang hangin kasi ganun din yung magulang.

JAN: *(parinig kay Bembette, madrama)* "Kulang ako ng gabay, itay."

BEMBETTE: What-eyver.

ROSALIE: Eto -- nangresbak yung baha kasi di inaalagaan yung puno.

JAN: O di mag-on siguro sila.  Tapos pinoprotektahan ni baha yung puno.

AIKO: Ehem, ehem.

*Tataasan siya ng kilay ni Rosalie.*

AIKO: Ang kati ng lalamunan ko.

PEARL: Siguro inabuso yung puno, kaya nangresbak yung baha.

JAN: Mahal kasi niya si Puno.

AIKO: Ang sweet ni Baha.

BEMBETTE: Aiko, nasaan ka ba noong Ondoy?

ROSALIE: Solo-solo sana tayo, o di kulang ng isa pa.

JAN: Hayop.

AIKO: Bilib ka? *(tutukuyin ang galing ni Rosalie)*

JAN: Hindi, tungkol naman sa hayop.

PEARL: Na kinukulong!

BEMBETTE: Parang walang tiwala.

AIKO: *(agitated)* Parang wala silang tiwala mismo sa sarili nila. Siguro naman naturuan na nila ng tama yung anak nila, kaya kahit pabayaan nila yun, di na yun sasablay!

*Titingnan nilang lahat si Aiko na para bang "okay ka lang?" Babalik sa dati si Aiko.*

AIKO: Game.

LAHAT: Game!

*Magdidilim sa bahaging ito ng entablado.*

**<u>Eksena 14. DOTA Date</u>**

*Iilawan ang bahagi ng entablado na malapit sa bahay nina Joselle. Makikita si JOSHUA, 13, na nagmamadali. Susunod ang ama niyang si AMIEL, nagmamadaling magsuot ng t-shirt.*

AMIEL: Joswa! Joswa, saan ka pupunta?

JOSHUA: Diyan lang po.

AMIEL: Mag-iinternet ka na naman, ano? Magdo-DOTA ka na naman?

*Hindi kikibo si Joshua, parang may kasalanan.*

AMIEL: Sama ako.

*Mabubuhayan si Joshua. Magsi-secret handshake ang mag-ama pero medyo sablay.*

AMIEL: Huwag mo sabihin sa nanay mo ha.

JOSHUA: O'ba. Ako'ng bahala sa inyo. Sino kayang hero ang bagay sa inyo?

AMIEL: Bahala ka nga sa 'kin.

JOSHUA: Baka si Zeus.

*Lalabas ang mag-ama. Makakasalubong nila si Rosalie.*

**<u>Eksena 15. Bistado</u>**

*Papasok ng bahay si Rosalie, tahimik, may bitbit na plastic bag na ayaw ipahalata, pero makikita siya ng ina.*

JOSELLE: Rosalie, ano? Usapan natin uuwi ka ng tanghalian. Ang dami kong lalakarin, ibibigay ko 'to kay Inday, babalik pa akong NBI. Kulang na kulang na ang oras ko. Asan ang kapatid mo?

ROSALIE: Na kina Bembette.

JOSELLE: Ba't nandoon?

ROSALIE: Babalik naman agad ako doon.

JOSELLE: E paano ang tanghalian nyo? *(mapapansin ang bag)* Ano yan?

*Makikita ni Joselle ang plastic bag. Kukunin niya ito at bubulatlatin ang laman. Ilalabas niya ang costume nilang t-shirt.*

ROSALIE: Costume namin yan!

JOSELLE: Para sa?

ROSALIE: Para sa ‘skwela naman yan e.

JOSELLE: Para sa ‘skwela pero tinatago mo?

ROSALIE: Surprise kasi.

JOSELLE: Nagulat nga ako!

ROSALIE: Para sa dance competition kasi yan, ‘nay.

JOSELLE: Ano ba talaga, oratorical o dance competition?

ROSALIE: E nagandahan sila sa oratorical rap namin o di yun na rin yung isasali namin sa dance competition.

JOSELLE: *(nanunuya)* Buti may oras ka pang mag-aral.

ROSALIE: *(nanunuya)* Wala na nga ho akong oras para magtulak ng shabu.

JOSELLE: Gaga ito---

ROSALIE: Para sayaw lang.

JOSELLE: Yun nga e. Sayaw lang yan. Inuubos mo’ng oras mo diyan.

ROSALIE: Malay n’yo naman.

JOSELLE: Malay ko nga kung sayaw lang yan.

ROSALIE: Kilala n’yo naman ang mga kasama ko dito e. Sina Bembette, Pearl, Aiko, Jan…

JOSELLE: Jan? Lalaki yun di ba?

ROSALIE: Ganoon talaga pag co-ed, ‘nay! May lalaki.

JOSELLE: Kaya pala minsan ginagabi ka. Naku, pag kasamang lalaki, iba ang nangyayari pag gabi.

ROSALIE: Ano, nagiging bampira sila?

JOSELLE: Lumalabas ang sungay nila.

ROSALIE: Walang sungay o pangil si Jan. Nagsasayaw lang kami. Street dancing. Alam n'yo yun?

JOSELLE: Sa kalye pa kayo tumatambay…

ROSALIE: Hindi lang street, 'nay. Street dancing. Dancing. Sayaw. Kung gusto n'yo panoorin n'yo kami, ang galing-galing namin.

JOSELLE: Magaling ka nga pero pabaya ka naman sa pag-aaral.

ROSALIE: Ginagawa ko ang assignment ko! Pagkatapos noon, saka kami nagpapraktis.

JOSELLE: Anong klaseng aral yun? Minamadali para makapunta agad sa praktis.

ROSALIE: Malay n'yo nga!

JOSELLE: Imbis na tumulong ka sa tindahan o dito sa bahay, ano, gigiling-giling ka lang diyan.

ROSALIE: Walang pagiling-giling sa sayaw namin!

JOSELLE: Kahit itik-itik pa yan, nag-aaksaya ka ng oras diyan.

ROSALIE: Ba't ba ayaw n'yo akong maging masaya?

JOSELLE: Hindi ganon yon!

ROSALIE: 'Di n'yo naman ako iniintindi e.

JOSELLE: E ako? Rosalie, magbigay ka naman ng malasakit sa nanay mo. Ako na lang lahat dito. Pero anong inuuna mo, yang hilig mo? Mapapakinabangan ba yan? Sarili lang ang inisip mo.

*Sa susunod na awit, magbabago ang ilaw, papasok sila sa iba't ibang mga pinto, na para bang naghahanapan sila, para bang di nila malaman kung paano maintindihan ang isa't isa.*

**Awit 5. Ang Laman ng Isip Ko/Kilala Ko Pa Ba Kayo?**

ROSALIE:

Di mo alam ang laman ng isip ko,

May dunong, may tanong, may agam-agam.

Di mo alam ang laman ng puso ko,

May lumbay, may kaba, may kaligayahan.

JOSELLE:

Alam mo ang gusto lang ng ‘yong ina,

Maaliwalas na bukas para sa ‘yo,

Alam mo ba kung ano ang hirap niya,

Maabot mo lang ang pangarap mo?

ROSALIE *(maaaring di siya naririnig ni Joselle)*

Pangarap ko ba o pangarap mo?

Ba’t di mo makuha ito’ng gusto ko.

JOSELLE:

Kilala pa ba kita, o, anak ko?

*(biglang kabig)* Di naman nagkapalit, hibang ba ako?

*(seryoso uli)* Nagtago, nagbago, at lumalayo,

May nais patunayan, ano yun? Ewan ko.

ROSALIE:

Ganon ba kakitid ang daraanan,

Ganon ba katuwid ang lalakaran,

Bawal lumiko o may matuklasan,

‘Di puwedeng tumigil nang maranasan:

Ang nakakangiti sa labi,

Ang nakakakiliti sa isipan?

Ang nakakalukso ng puso,

Ang nakakabuo sa kalooban?

*(pabigkas)* Mahalaga din yun, di ba?

JOSELLE

Mahalagang tumupad sa usapan,

Matuto sa mga pananagutan,

Ang gusto kung gusto lang, may hangganan,

Pag pinilit, walang patutunguhan.

*Itatago ni Joselle ang plastic bag.*

ROSALIE: Anong gagawin n’yo diyan?

JOSELLE: Dadalhin ko.

ROSALIE: Sa NBI?

JOSELLE: Susunduin natin si Tonton at sabihin mo kay Bembette na hindi ka sasama sa finals na yan. Ibang finals ang atupagin mo.

ROSALIE: Pero, 'nay, malayo pa yun!

*Istrikto ang dating ng pagtitig ni Joselle sa anak, sabay itatago sa bag ang plastic na may costume. Saka sila tutungo sa ibang bahagi ng entablado kung saan nandoon si Bembette at Tonton.*

JOSELLE: *(aawit)*

Kabisado kita noon, singlinaw ng ilog,
Relasyon natin ngayo'y bulkang sumasabog,
Kumukulong putik pag humalo sa ilog,
Lumalapot ang tubig, 'saka lumalabo.

JOSELLE: Tonton, halika na. Bembette, may sasabihin sa yo si Rosalie.

ROSALIE: 'Nay!

JOSELLE: Hindi ako aalis hangga't di mo sinasabi sa kanya.

ROSALIE: Ayaw pumayag ni nanay.

BEMBETTE: Ha?

JOSELLE: Halika na. *(hihilahin ang dalawang anak. Maglalakad sila)*

TONTON: 'Nay, bakit galit ka? May ginawa ba ako?

*Parang matatauhan si Joselle.*

JOSELLE: Hindi, anak.

TONTON: E kasi…

TONTON: *(sasali sa awit)*

Kasalanan ko ba 'to (kasi) ako'y makulit?

Iniwan ang gripo, kaya kayo galit?

Hindi agad matulog, o di nagliligpit?

Sinira ang trabaho n'yo kaya inulit?

Salbahe daw ako kaya pakakanin ng sili,

Maingay daw ako kaya laging nasa tabi,

Inis ka ba sa 'kin, 'te, kaya di kasali?

Kaya ba aalis ka, 'nay, di ka na uuwi?

*Uulitin ni Joselle ang "kabisado kita noon…" pero mahina lang. Samantala, sa kabilang bahagi ng entablado, aawit rin si Romy.*

*Kontrapunto ~*

ROMY:

Ano bang nangyayari, asan na ba sila?

Kay hirap magtrabaho, na-flat pa ang goma,

Ba't parang ayaw sumunod itong sasakyan ko?

*(mapapatingin kung saan andoon ang pamilya)*

Sumasabay ata ang jeep sa tigas ng ulo n'yo.

*Magdidilim.*

**~ Ikalawang Yugto ~**

**<u>Eksena 16. Street Dancing Competition</u>**

*Magliliwanag. Magkakaroon ng production number sina Bembette, Aiko, Jan at Pearl. Suot nila yung pinakitang t-shirt sa mga naunang eksena.*

**Awit 6. Ang Magulang ng Kalikasan**

LAHAT:

*KORO* ~

Alagaan, kalikasan

Pabayaan, then it'll all be gone!

PEARL:

Parang bata yan, at magulang tayo,

Pa'no n'yo ba tratuhin ang inyong mga anak?

Hindi lang sa 'yo yan, panglahat ang mundo.

Damay ang tao kung ito'y mapahamak.

AIKO:

Gaya niyang si Tubig, El Niño ang alias,

Nagtatakang lahat, bakit siya ay lumayas,

Pinag-initan s'ya, di sya maintindihan,

Si Tubig nagtampo, iniwan ang tahanan.

*(ulitin ang koro)*

BEMBETTE:

Dama mo ba si Hangin na laging nagyoyosi?

Dati ay sariwa, ngayon he is so dirty,

Nahawa sa magulang niyang bumubuga ng usok,

‘Alang umaalalay sa oras ng pagsubok.

JAN:

Nakita mo si Punong katropa ni Baha?

Naglahong kagubatan, walang nag-aruga,

Inabuso’t pinagtrabaho, inagaw pa ang kita,

Dahil mahal si Puno, nangresbak si Baha.

*(ulitin ang koro)*

*Papasok si Rosalie, may ibang suot na shirt.*

ROSALIE:

Barkada nina Hayop, sila ay nasa hawla,

Wala namang ginagawa, akala mo’y may sala.

Ba’t di sila hayaan, sa mundo ay gumala?

Merong angking talino yan, sana ay magtiwala.

*(ulitin ang koro)*

*Palakpakan at hiyawan ang ibang mga tao. Pag labas ng entablado, magyayakapan ang mga magkakaibigan, para bang lumuwag ang kalooban at nakahabol si Rosalie. Medyo asiwa sina Rosalie at Jan sa isa't isa, pero imbis na magyakapan ay kakamayan nila ang isa't isa na para bang kapwa silang lalaking magkabarkada.*

**<u>Eksena 17. Malapit na!</u>**

*Mapapadaan si Joselle sa katatapos lang na programa pero di niya mapapansin sina Joselle. Haharangin siya ni Inday.*

INDAY: Mare! Ano na? Kanina pa kita tinatawag ha.

JOSELLE: Sorry, di ko nadinig. Ang ingay kasi noong program doon e.

INDAY: Kulang ka pa ng requirement. Eto na yung contracts sa magiging amo mo.

JOSELLE: Inday, puwedeng mamaya na yan, kasi itong si Tonton, may mga galos at pasa daw.

INDAY: Ha? Naagkaroon ng accidents?

JOSELLE: Hindi. Napaaway. Buti padaan ako dito noong sinabi ng isa niyang teacher.

INDAY: O thanks God, yun lang pala. O siya, siya.

JOSELLE: Basta ibibigay ko sa yo agad. Nagkasabay-sabay naman kasing mga problema ko.

*Lalamlam ang bahaging ito ng entablado.*

**<u>Eksena 18. Basura</u>**

*Magliliwanag sa bahagi ng entablado kung saan makikitang pinapa-squat ni MRS. GULANTA ang ilang MGA ESTUDYANTE. Galit ang guro. Lalakad papunta rito si Joselle.*

MRS. GULANTA: I told you to throw your tras (trash) in the proper place. Now, squat!

*Lalong itatapon ng BATANG BABAE ang basura sa sahig. Pipingutin ng guro ang estudyante pero tatapakan ng bata ang paa ng teacher.*

BATANG BABAE: Taga-media ang tatay ko! Isusumbong ko kayo.

MRS. GULANTA: *(kay Joselle)* Agggggghhhh! Media, media. Ano bang posisyon ng tatay niya sa TV steysyon? Janitor. Akala niya di ko alam. Yan ang hirap mula nang malaman nila ang karapatan nila. Paano na ang mga karapatan ko? Nakuuuuu *(kukuha ng ruler).*

*Pipigilan ni Joselle ang guro.*

MRS. GULANTA: Ayan kaya lumalaki ang ulo ng mga batang yan ngayon dahil sa mga magulang na gaya nyo! Wag nyo kong pigilan.

JOSELLE: *(mapapasigaw)* Huminahon kayo! *(kakalma)* Hinahanap ko lang ang anak ko, si Antonio Payuan Jr.

*Ituturo ni Mrs. Gulanta si Tonton na naka-squat rin sa isang sulok kasama ang kaklaseng si MAKMAK. Pahaharapin ni Joselle ang anak at magugulat sa itsura nito. (Samantala puwedeng napapilit na ang batang babae na tumingkayad.)*

JOSELLE: May galos na nga ang anak ko tapos ipapa-squat nyo pa? Anak, tumayo ka na nang maayos.

MRS. GULANTA: How dare you cheynds *(change)* the panisment *(punishment)* I gave them!

*Siya namang pagpasok ni WILMA, ang nanay ni Makmak.*

WILMA: Ano bang ginawa ng bata? Ha? Ano?

MAKMAK: Kasi si Tonton, ninakaw ang baon ko.

TONTON: Hindi ko ninakaw! Pinamigay ko lang kasi gutom si Carmina *(ituturo ang isa pang kaklaseng naka-squat)*. Kawawa naman, walang pagkain.

MAKMAK: E paano ako?

TONTON: Mataba ka naman e.

*Biglang susugod si Makmak.*

MRS. GULANTA: Kaya sinuntok ni Makmak si Tonton. Ayan, instant replay.

JOSELLE: Haaaaaaaaay! *(sabay papasok sa isa sa mga pinto)*

*Pag pasok ni Joselle sa pinto ay makakasalubong niya muli si Wilma. (Hindi kailangang pabago-bago ang ilaw tuwing papasok ng mga pinto.)*

WILMA: Simple lang. Parusahan mo yung anak mo. Siya palang nagsimula e.

JOSELLE: E bakit naman oombagin agad ng anak mo yung anak ko?

WILMA: Mali siya e.

JOSELLE: E di sana nagsumbong muna siya sa teacher, wag manakit agad.

WILMA: May galos din ang anak ko, no.

JOSELLE: Parusahan mo rin ang anak mo.

WILMA: O sige, sige. Anong parusa mo sa anak mo?

JOSELLE: Ba't gusto mong malaman?

WILMA: Para alam ko kung paparusahan mo nga.

JOSELLE: Gusto mo tingnan kung anong gagawin ko sa anak ko, tapos ikaw panonoorin ko rin?

WILMA: Oo!

JOSELLE: Sadista.

WILMA: Anong mas gusto mo? O sige, para patas, akong magpaparusa sa anak mo, ikaw sa anak ko.

JOSELLE: Ano?!

WILMA: Sigawan ko mula ulo hanggang paa ang anak ko. Tapos tadyakan mo yung anak ko. Ayan ha, mas grabe ang ipagagawa ko sa anak ko.

JOSELLE: *(nanunuya)* Ang bait mo nga e. *(sa sarili)* Ano ba itooooo?

*Habang parang nababaliw na si Joselle ay papasok uli siya sa isa pang pinto.*

JOSELLE: E kung hayaan na lang natin sila, ipaglayo lang natin?

WILMA: Paano sila matututo?

JOSELLE: Hindi pa ba sapat yun?

WILMA: Pinagtalikod lang sila, hello.

JOSELLE: Mag-iisang oras na kaya silang naka-squat! Paglayuin nga natin para kumalma, di muna sila magkikita.

WILMA: Parang sinabi mo na rin na wag muna silang papasok sa eskwela. Di puwede yun.

*Maglalakad na tila mag-iisip si Joselle at papasok muli sa isang pinto.*

JOSELLE: Tama yung sabi mo e.

WILMA: Hay, sa wakas. O di sisimulan ko nang sigawan ang anak mo?

JOSELLE: Hindi yun. Paano sila matututo kung ipapa-squat lang natin sila, sisigawan at pahihiyain? Teka. *(Kakausapin nang mahinahon si Tonton)* Anak, alam mo ba kung anong ginawa mo?

TONTON: Opo. Pinamigay ko po yung baon ni Makmak. Pinakain ko si Carmina.

JOSELLE: Maganda yung pinakain mo si Carmina pero etong tanong ko: tinanong mo ba muna si Makmak kung ok lang ipamigay ang baon niya?

TONTON: Hindi po.

JOSELLE: Yun. Yun ang mali. Sana sinabi mo sa kanya, "Makmak, kawawa naman si Carmina, gutom na siya. Puwede kayang hatian mo siya ng baon?"

TONTON: Matakaw yun e.

JOSELLE: Hindi mo pa rin dapat kinukuha ang hindi sa yo. Kahit na akala mo makakatulong ka sa iba.

WILMA: *(kay Tonton)* Kung kinuha ko ang baon mo tapos binigay ko kay Makmak nang di nagpapaalam sa yo, gusto mo yon?

TONTON: Sana kay Carmina nyo na lang ibigay.

JOSELLE: Kahit kanino pa yon ibibigay, dapat nagpaalam ka muna. *(kay Makmak)* Ikaw naman, Makmak…

WILMA: *(kay Joselle)* Ako nang bahala diyan. *(kay Makmak)* Ikaw, wag mo gagayahin ang tatay mong walang kwenta.

JOSELLE: Ah, Wilma… wag na natin muna siraan si mister?

WILMA: *(kay Makmak)* Wag ka manununtok agad. Magsusumbong ka muna sa teacher. Pag di siya pinarusahan, saka ka manuntok.

JOSELLE: Teka, teka… hindi sa ganun. *(kay Makmak)* Makikipag-usap ka muna. Hindi kasi puwedeng manuntok ka agad kasi masasaktan siya. Tingnan mo, o, may bukol si Tonton. Ikaw din tuloy nasaktan kasi pinagtanggol ni Tonton ang sarili niya. *(a beat. Kay Tonton)* O, Tonton, anong sasabihin mo kay Makmak?

TONTON: *(Bubuwelo muna)* Sorry.

WILMA: Ikaw.

MAKMAK: Sorry.

*Mapapabuntong-hininga sina Joselle, Wilma at Mrs. Gulanta.*

**Awit 7. Mga Pinto**

JOSELLE

Hay, kay luwag, *(Magbubuntong-hininga)*

Pag nagpaliwanag.

MRS. GULANTA

Ang wis (wish) ko lang (ay)

Di ‘to malimutan.

JOSELLE

Kailangan lang

Ulit-ulitin ang:

WILMA

“Wag mang-oombag

Kung merong nilabag.”

JOSELLE

“Magpapaalam

Kung puwedeng manghiram.”

WILMA

Ganyan pala,

Dapat lang magtyaga.

MRS. GULANTA

Buksan ang isip,

Wag lang maiinip.

JOSELLE

May kasagutan,

Lumusot sa pintuan!

*Sa puntong ito, “ipapahiram” ni Joselle ang mga pinto kay Mrs. Gulanta. Papasok din si Wilma.*

ANG TATLO:

*(REFRAIN)*

Isa-isa, pinto'y nagbubukas,

Pumili sa iba't ibang lunas.

Di isa, dalawa o tatlo

O lima, ay! Marami pa!

Di pareho sa

bawat bata.

*Magbabago ang ilaw.*

*Magko-costume ng salamin at namamagang mga tainga si Batang Babae (yung pasaway kanina). May hawak siyang pagkalaki-laking sigarilyo at kunwari'y hinihitit niya ito.*

BATANG BABAENG: Si Mrs. Gulanta? Mrs. Pingot? Di ko matandaan ang tinuro niya.

*Itatapon niya ang sigarilyo niya sa sahig at lalabas ng entablado.*

JOSELLE: Pero kung paliwanagan ang bata…

*Magsusuot ng pangmatandang costume si Makmak at magpapatotoo rin ito.*

MAKMAK: Si Mrs. Gulanta? Pinaliwanag niya sa amin na pag di tinapon ang basura sa tamang lugar, baka magkabaha. Dapat alagaan ang kapaligiran.

*Pupulutin ni Makmak ang tinapong sigarilyo (at iba pang kalat) at lalabas ng entablado. Magbabago ang ilaw. Babalik sa kasalukuyan.*

JOSELLE

Pangmatagalan

dapat ang titingnan,

Ay! Pag-isipan

ang kalutasan,

At balang araw,

pag nagbalik-tanaw,

Ang maalala'y

aral hindi latay.

*(ulitin ang refrain)*

BATANG BABAE: *(Off-stage)* Sa media ang tatay ko! Akala n'yo!

*Katahimikan. Mukhang balisa ang mga sumusunod na kakanta.*

JOSELLE, WILMA, GULANTA

May tanong, di isa o dal'wa,

Malaki pa ang problema,

Pano ba maging mapanlika,

Dahil sa iba-iba'ng bata.

Di lang iisa.

Ang ugali nila.

*Mukhang mag-iisip pa rin ang tatlo, tila mababagabag.  Magdidilim.*

**<u>Eksena 19.  STO. NIÑO</u>**

*Magbubukas ang ilaw sa ibang bahagi ng entablado.  Mag-uusap ang MAG-ASAWA sa labas ng bahay.  Magmamadali ang mag-asawa, matataranta sa paghahanda ng gamit.*

WIFE: Dala mo na ba yung mineral, baka mauhaw yung anak mo.

HUSBAND: Siyempre.  E yung bimpo, baka pawisan, ang kapal pa naman ng suot niya.

WIFE: Kagabi ko pa binalot.  Tara!

BOTH: Baby James!

*Lalabas ang anak na si BABY JAMES, naka-Sto. Niño costume at wig.  Ngiting-ngiti siya.*

HUSBAND: Manang-mana sa ama ang anak ko o, parang santo.

WIFE: Mga kapitbahay, tingnan n'yong anak ko o!  *(sa anak, nanggigigil sa tuwa)* Ang galing-galing at ang bait-bait ng anak ko, sa lahat ng bata dito, sya ang napili. Poging-pogi pa o!  Okay ka lang ba, anak?

BABYJAMES: Opo.

HUSBAND: Ready ka na?

BABYJAMES: Rakenrol!  *(tatakbo palabas.)*

*Lalabas na rin ang mga magulang ng bata.*

*Makakasalubong nina Rosalie at Bembette ang mag-anak, masaya, may dalang tropeo. Maghihiwalay ang magkaibigan.  Lalamlam ang bahagi ng kalsada sa entablado.*

**Eksena 20. Aanhin ang Tropeo**

*Titindi ang ilaw sa loob ng bahay ni Rosalie. Maaabutan niya ang ama na may ginagawang trabaho. Ilalapag ni Rosalie ang tropeo, masaya pa siya.*

ROMY: *(walang kamuwang-muwang)* Kaninong trophy yan?

ROSALIE: Amin! Nanalo kami sa street dancing competition!

ROMY: Ah… talaga?

ROSALIE: Hiniram muna namin ito sa adviser namin para ipakita muna sa parents namin.

*Papasok si Joselle na mukhang pawis at pagod. Karay-karay niya si Tonton. Maaabutan ito ni Joselle pero di siya agad magagalit, unti-unti niya itong ipapakita. Makikita ni Tonton ang tropeo.*

TONTON: Wow! Ano 'to?

ROSALIE: *(asiwa ang pagsagot, dahil sa ina)* Trophy. Nanalo kami sa street dancing competition. Yung sayaw na pinapraktis namin noon.

TONTON: Hep, hep, Hooray! Panalo si Ate, panalo si Ate! Ang galeeeng!

ROMY: O di… ano, congratulations?

ROSALIE: Thank you po.

TONTON: *(nang hindi iniisip)* Welcome!

ROMY: Ba't di mo ata kinwento yan?

JOSELLE: Di niya ikukuwento kasi sabi ko sa kanyang wag sumali sa dance competition na yan.

ROMY: Bakit naman?

JOSELLE: Dahil ilang beses na siyang sumusuway, hindi tumutupad sa usapan, hindi ginagawa ang responsibilidad sa bahay.

*Titigil sa pagiging masaya si Tonton at makikiramdam.*

ROMY: Ayun pala e.

ROSALIE: Hindi ah. Minsan kasi late kayo magbilin, may naplano na ako.

JOSELLE: Yun na nga e. Magpaplano ka agad, di ka muna magpaalam. *(kay Romy)* Mukhang matagal na silang nagpapraktis sa dance-dance na yan.

ROMY: Dapat kasi mas tutukan mo yang mga bata para hindi yang mabibigla ka.

JOSELLE: Ako na naman? Sana ikaw din.

ROMY: May trabaho ako.

JOSELLE: Ako din. Gusto mo magbilangan tayo? Tutukan mo rin ang mga bata. Tingnan mo, ni hindi mo alam na may sinalihang contest yang anak mo.

ROMY: Para contest lang.

ROSALIE: Kaya nga.

JOSELLE: *(kay Rosalie)* Heh! *(kay Romy)* Wala kang paki kung bumagsak ang panganay mo sa eskwela?

ROMY: Ba't ba ako ang pinupuntirya mo? Itong anak mo ang kagalitan mo.

JOSELLE: Ikaw kaya naman ang magalit sa kanya para maiba. Ako na lang lagi!

ROMY: Talaga namang mula't sapul ikaw lagi.

JOSELLE: Naging ama ka pa!

ROMY: Di ako inutil.

JOSELLE: Ikaw nagsabi niyan!

ROMY: Put--

TONTON: Heh!

ROMY: *(habang kinakalog si Tonton)* Wala kang galang! Yang bunganga mo—

*Iiyak si Tonton at pipigilan ni Rosalie ang ama.*

ROSALIE: Kayo din naman, wala rin kayong galang!

*Akmang sasampalin ni Romy si Rosalie, pero pipigilan siya ni Joselle.*

JOSELLE: Tama na! Tama na! Kumalma tayong lahat, pwede ba!

*Katahimikan. Lalabas si Romy. Pupunta naman sa kwarto sina Rosalie at Tonton. Maiiwang mag-isa si Joselle. Itututok ang ilaw kay Joselle.*

**Awit 8. Ang Pinto (Reprise)**

JOSELLE

Mahirap iwan

ang aking nakagisnan.

Tila namana

ang ayaw ko sa ina.

Anak, pasensya,

Di ko sinasadyang

Lagyan ng harang

ang bawat daanan

di ko maiwasan ikaw ay bakuran.

*(REFRAIN)*

Proteksyon ang layon ko lamang

direksyon ng aking anak,

Hindi napansin ang karatula sa daan,

Kundi harang.

*Makikita niya ang trophy at pagkatapos makikita muli ang pinto pero parang nasira ito.*

Sa likod ng pinto'y may daan,

Pero ba't tayo'y napagsarhan,

Kung ba't di ako nag-iisip?

Ang susi'y nandito lang sa dibdib.

*Tila lupaypay si Joselle na uupo sa kanilang sala. Bahagyang lalamlam ang ilaw sa bahaging ito ng entablado.*

**Eksena 21. Bakit Galit**

*Magbubukas ang ilaw sa bahagi ng entablado kung saan naroroon ang kwarto. Andoon sina Rosalie at Tonton, tahimik.*

*(Sa isang punto ng eksena'y maririnig ng ina mula sa kabila ng dingding ang pinag-uusapan ng dalawang anak. Maya't maya'y papasok si Romy. Hindi magkikibuan ang mag-asawa. Makikinig din si Romy sa pag-uusap ng mga anak.)*

*Halos padabog na hahalughugin ni Rosalie ang bag niya, makikita ang isang burger at parang walang kalatoy-latoy na ibibigay ito kay Tonton.*

ROSALIE: O. *(ibibigay ang burger)*

*Tahimik na kukunin ng bunsong kapatid ang burger. Hindi siya kakain.*
*Katahimikan.*

ROSALIE: Akala ko ba gusto mo yan. Ginastusan ko pa naman yan. Galing pa yan sa balato sa amin ng adviser namin ha. Tapos di mo kakainin. Kainin mo!

*Tatanggalin ni Tonton ang balot ng burger, tahimik na iiyak habang sumusubo.*
*Katahimikan muli.*
*Maaawa si Rosalie sa kapatid. Yayapos siya mula sa gilid.*

ROSALIE: O tahan na.

*Saglit na katahimikan.*

TONTON: Ate? May tanong ako.

ROSALIE: Ano?

TONTON: Galit ka ba sa akin?

ROSALIE: Hindi… sorry, hindi sa yo ako galit.

TONTON: Pero galit ka?

ROSALIE: Hindi. Naipon lang sama ng loob ko.

*Sa puntong ito'y nakadikit na halos ang tainga nina Romy at Joselle sa manipis na dingding pero di pa rin magkikibuan ang mag-asawa. Maya't maya'y sasagot si Joselle sa mga sasabihin ni Rosalie, mahina't halos pabulong pero hindi ito maririnig ni Rosalie, na mas malakas ang boses, dahil sa sama ng loob. Namamagitan ang pader sa kanila.*

ROSALIE: Paano, lahat ng gawin ko mali. Kahit nga yung gagawin ko pa lang mali na. Hanggang ngayon, pupunta ka pa lang sa pintuan, "Saan ka pupunta?" parang may gagawin kang kalokohan. Lalapit ka pa lang sa mesa, "baka ubusin mo yung ulam." "Huwag ka pagabi! Baka may dumukot sa yo!"

TONTON: Kasi?

ROSALIE: Ay mahabang kwento pa yan. Duda pa kung may mini-meet akong lalaki.

JOSELLE: Baka makidnap ka, ma-rape ka, maraming loko-loko ngayon.

ROSALIE: Basta sabi ni tatay at nanay yon.

TONTON: Kasi?

ROSALIE: Kasi ewan, nag-aalala sila, sobra.

JOSELLE: Siyempre, nanay ako.

TONTON: Mali ba yun, ate?

ROSALIE: *(mag-iisip saglit, parang naiintindihang hindi naman talagang mali yun)* Kung sobra.

JOSELLE: Ayaw ko lang may mangyari sa yo.

ROSALIE: Wala talagang nangyayaring KAHIT ANO. Noong bata ako, papunta pa lang ako malapit sa ilog, "baka mahulog ka sa ilog!"

TONTON: Nahulog ka, Ate?

ROSALIE: Hindi nga ako makalapit no. E kasi nga natakot na ako sa ilog. Ayan, takot tuloy ako lumangoy. Turuan kaya nila akong huwag matakot sa tubig.

TONTON: *(medyo natawa)* Si Ate, parang pusa.

ROSALIE: Buti na lang hindi ako lampa. Nag-aral talaga akong sumayaw. Hindi nila naiintindihan yun. Kaya ako sumasayaw, para mawala ang takot sa katawan ko. Parang sinisigaw ng katawan ko ang nararamdaman ko. Hindi naman sila nakikinig talaga kahit anong paliwanag ko.

JOSELLE: Makikinig ako.

ROMY: Kami.

ROSALIE: Hindi naman nila ako naiintindihan e.

JOSELLE: Sinubukan mo ba?

ROSALIE: Ikaw, naintindihan mo ba ako?

*Iiling si Tonton.*

*Medyo matatawa si Rosalie. Matutuwa't manggigigil siya sa kapatid.*

*Sa mga pag-uusisa ni Tonton, kung minsa'y hindi naman talaga siya nakikinig. Gusto lang niya makarinig ng mga sagot.*

TONTON: Ate, may tanong ako. Bawal ba sumayaw?

ROSALIE/JOSELLE: Hindi ah.

TONTON: Bakit sila galit sa yo?

ROSALIE: E kasi… di ko sila sinunod. Gusto nila dito lang ako sa bahay.

JOSELLE: Hindi sa ganun.

TONTON: Bakit?

ROSALIE: Ewan. Mag-aral. Tumulong daw dito.

TONTON: *(ipapakita ang natirang pagkain)* Ayaw mo?

ROSALIE: *(di nakita ang pagkain)* Hindi sa ganun. Kaya lang kasi may oras para doon, pero sana may oras din para sa gusto ko. Di ba ikaw, kelangan mo kumain, pumasok sa eskwela, matulog, maglaro.

TONTON: Bawal maglaro?

ROSALIE: Hindi naman… hindi naman yata.

JOSELLE: Hindi bawal.

TONTON: *(ipapakita ang wrapper)* Ate, naubos ko na o.

ROSALIE: Good boy. Nauuhaw ka?

TONTON: Hindi na lang. *(pabulong)* Baka hulihin tayo pag lumabas tayo.

*Matatawa si Rosalie.*

*Magiging mas malamlam nang kaunti ang ilaw sa bahagi nila.*

**Eksena 22. Di Puwedeng Balikan**

*Titindi ang ilaw sa bahagi ng kinaroroonan nina Joselle at Romy. Kanina pa nila naririnig sa kabila ng manipis na dingding ang usapan ng magkapatid. Hindi agad mag-iimikan ang mag-asawa, parang nagpapakiramdaman muna.*

JOSELLE: Narinig mo sila?

*Tatango si Romy.*

ROMY: Anong magagawa natin? Hindi naman natin mababalik yung panahon.

JOSELLE: Pero hahayaan ba nating ganoon-ganoon na lang yun?

ROMY: Anong gusto mong gawin, humingi ng tawad?

JOSELLE: Kung kailangan.

ROMY: Anak ang nagso-sorry, hindi magulang. Yun ang turo ng mga magulang ko.

JOSELLE: Kunin na lang kaya natin yung magandang turo ng magulang natin?

ROMY: Sinasabi mo bang palpak tayo bilang mga magulang?

JOSELLE: Hindi naman.

ROMY: Yung sama ng loob ng anak mo, mula pagkabata pa yon. Paano mo mababawi yun? Sigurado ako masama rin ang loob noon kasi ilang beses ko na siyang sinabihan na pupunta kami sa zoo, na di natuloy hanggang tumanda na siya.

JOSELLE: Kaya pala tuwing mag-aaya ka, parang nagdududa na siya kung matutuloy.

ROMY: Madaling magduda yun kasi minana niya yun sa yo.

JOSELLE: Hindi ah.

ROMY: Kakakwento lang niya o.

JOSELLE: Pero komo hindi na maibabalik ang panahon e hindi na tayo makakakabawi sa kanila. O ikaw sa akin. Puwede namang pag-usapan yun.

ROMY: Sorry ha. Ikaw naman kasi, bumusina ka lang kung may kailangan ka.

JOSELLE: Namaos na nga yung busina. Mahina pick-up mo e. Para kang kabayo nakaganito o *(imumwestra ang pagkakaroon ng blinders sa gilid ng mga mata).* Wala kang ibang nakikita kundi trabaho mo.

ROMY: Ito naman.

*Maglalambing ang asawa bilang gesture ng paghingi ng tawad.*

*Saka namang papasok si Inday.*

INDAY: Ay, sorry! Kwarto atang napasukan ko.

JOSELLE: Ano yun, Inday?

INDAY: Wala! Yung passports mo na-expedite na, di ba? Kailangan ko na yon. Dalhin mo agad sa akin ha?

JOSELLE: Wala pa e. Hindi ko ma-follow-up.

INDAY: Naku, Joselle, kung di mo maasikaso agad yan, baka may ibang mahanap yung employers.

JOSELLE: Sige, sige.

INDAY: Okay, alis na ko. Ituloy nyo na yan. Have funs!

*Saka namang sisilip si Tonton at lalabas ng kwarto.*

TONTON: Aalis ka na, 'nay?

JOSELLE: Hindi pa, anak.

TONTON: Hindi na ko manonood ng TV. Magliligpit na ako ng laruan ko. Hindi na ko kukuha ng pagkain.

ROMY: Tonton, anak, hindi ikaw ang dahilan kung ba't aalis si nanay.

JOSELLE: Anak… hindi… aalis ako kasi magtatrabaho ako sa ibang lugar. Sa malayo.

TONTON: Sama ako.

JOSELLE: Hindi puwede. Wala tayong pamasahe.

TONTON: Meron ako *(dudukot ng barya sa bulsa at ibibigay sa ina).*

*Matatawa si Joselle.*

TONTON: Kung salbahe ako, paluin mo na lang ako. Wag ka lang aalis.

JOSELLE: Anak, ganito yun. Hindi kita gustong iwan dahil naging salbahe ka o ano.

TONTON: Bakit n'yo ko pinalo?

ROMY: Para matuto ka…

JOSELLE: Kasi may ginawa kang mali…

TONTON: Ano yung mali?

ROMY: Ang daming tanong.

TONTON: Dalawa lang.

JOSELLE: Ewan ko, Romy, kahit ipaliwanag natin kung bakit siya pinalo, parang walang tamang dahilan para gawin yun e. Hindi lang kasi ito ang paraan, marami.

**<u>Eksena 23. Si Romy sa Mga Pinto</u>**

*Dadalhin ni Joselle si Romy sa mga pintuan. Magbabago ang ilaw.*

JOSELLE: Alam mo ang ginagawa ko, dinadala ko ang isip ko sa maraming mga pintuan. Parang binubuksan ko sila at doon ko nakikita ang iba't ibang paraan.

*Pag lusot sa isang pintuan, makakasalubong nila si Tonton. Nasa ibang realidad muli. May nakasabog na mga gamit ni Tonton doon.*

JOSELLE: Tonton, anak, kung iliriligpit mo ang mga gamit mo, lulutuin ko ang paborito mong ulam, fried chicken.

*Tuwang-tuwang magliligpit si Tonton ng mga gamit.*

ROMY: Bale, susunod lang siya para makakain ng fried chicken? Paano kung tuyo lang ang meron tayo?

JOSELLE: Teka isip pa tayo.

*Papasok uli sila sa ibang pinto.*

ROMY: Anak, pag niligpit mo ang gamit mo, makakanood ka ng TV hanggang mamaya.

JOSELLE: Pareho lang naman yun e! Isa pa pala yang TV na yan! Tonton anak, isara mo na yang TV kung hindi luluwa yang mata mo.

ROMY: Di kaya mawalan ng tiwala sa atin si Tonton? Kasinungalingan yun e. Sa tanambuhay ko, wala pa akong nakikilalang taong luwa ang mata dahil sa kanonood ng TV.

JOSELLE: E di paano?

*Papasok sila sa ibang pinto.*

JOSELLE: Anak, marami ka pang puwedeng gawin, hindi lang TV. *(ibibigay/ipapakita ang iba't ibang mga puwedeng gawin)* Laro, basa, sulat, drowing. Isang oras lang ang pagti-TV.

ROMY: Atsaka para di magastos sa koryente.

TONTON: O sige po.

JOSELLE: Buti yan kasi yang pagti-TV niya inaabot ng gabi, imbis na matulog siya nang maaga.

*Papasok uli sila sa ibang pinto.*

ROMY: Tonton, anak, matulog ka na kasi hindi na pambata ang palabas sa TV.

JOSELLE: E kung marinig niya ang TV? Manipis ang dingding o.

ROMY: *(medyo lalandi)* Ano pa kayang naririnig niya ano?

JOSELLE: Gagu!

TONTON: Gagu!

ROMY: Isa pa yan. Wag mo sasabihin yan kasi masama yan.

TONTON: Pag malaki na ako puwede ko na sabihin?

*(Sabay na sasagot ang mag-asawa.)*

JOSELLE: Hindi. ROMY: Baka.

JOSELLE: Itong bunganga ko kasi e. Dapat iwasan ko nang magmura sa harap niya.

ROMY: Ako rin?

JOSELLE: Naman. Atsaka tayo mismo, umiwas na mag-TV pag gabi.

ROMY: Teka muna, paano ako?

JOSELLE: O sige, hinaan natin. Dapat ata gumawa ako ng listahan. Ayun, alam ko na!

*Papasok sila sa ibang pinto.*

JOSELLE: Anak, Tonton, etong schedule natin, okay? Pagkagaling sa school, mag-aral, tapos magTV ka ng isang oras lang, tapos maghapunan, maligo, matulog.

TONTON: Hindi puwedeng mag-TV pagkatapos maligo?

JOSELLE: Hindi.

TONTON: Bakit?

JOSELLE: Kasi gusto ko makapahinga ka na.

TONTON: Kasi?

ROMY: Kasi… alam mo na yun!

JOSELLE: *(kay Romy)* Sagutin mo!

ROMY: Para pag medyo nakakapahinga ka na, madali ka nang matulog.

JOSELLE: Pag maaga matulog, magiging mas malakas at matangkad. Healthy boy ka!

*Lulusot sila sa isang pinto at makikita si Rosalie. May kaunting pag-aalinlangan pero lalapitan nila ang dalaga.*

JOSELLE: Anak, hindi sa pinagbabawalan kitang gawin ang gusto mo. Ayaw ko matulad ka sa ibang mga bata diyan. Alam kong di ka pabaya sa pag-aaral. Gusto ko lang maging balanse buhay mo.

ROSALIE: Tina-try ko naman yun e.

JOSELLE: Oo nga. Nasa dugo ko rin yata ang ugali ng lola mo.

ROSALIE: Nerbyosa. Wag kasi kayo nerbyosin kasi hindi naman ako gagawa ng ikakanerbiyos niyo.

JOSELLE: Ikaw hindi, e ang ibang tao sa paligid mo?

ROMY: Ito naman, parang makokontrol mo ang lahat ng bagay.

ROSALIE: Hindi naman puwedeng nakabantay kayo bawat minuto. Sige kayo, baka di na kayo makabenta o makaluto o…

ROMY: Makaalis.

ROSALIE: Gusto nyo nagpapaalam ako sa inyo, pero di naman kayo nagpaalam bago n'yo inasikaso ang pagpunta nyo sa Barcelona.

*Katahimikan.*

ROSALIE: Pero naiintindihan ko naman kung bakit. Kaya nag-aaral naman ako e. Tutulong din ako pagka-graduate ko.

JOSELLE: Alam ko. Kung sinabi ko mang di ka nag-aaral, di ko sinasadya yun. Parang lumayo ka kasi e.

ROSALIE: Sorry po. Pakiramdam ko kasi ‘di nyo ako maiintindihan e.

JOSELLE: Subukan lang natin na mag-usap uli.

TONTON: Lalayo rin si Ate?

ROSALIE: Hindi.

ROMY: Baka mas okay pa kung magtextmate na lang kayo. Baka mas makapagkwentuhan pa kayo.

*Matatawa nang kaunti si Rosalie, pati si Joselle.*

JOSELLE: Naku isa pa yan – naubusan ako ng load kakautang mo ng load ha.

ROSALIE: Ibawas nyo sa baon ko.

ROMY: Wala na, maglalakad ka na pauwi, laway na lang ang ulam mo.

ROSALIE: O di…

JOSELLE: Di ka muna hihingi ng load.

ROSALIE: Puwedeng bawasan lang? Kahit fifty a week. Thirty? Twenty.

ROMY: Bina-bargain, binabargain!

JOSELLE: Paano yung nagamit mo na?

ROSALIE: Ibawas nyo nga sa baon ko, pero parang gawin nyong limang gives yung bawas.

JOSELLE: *(nagpupumilit)* Okie, Ozie.

ROSALIE: *(asiwa sa narinig)* Ok lang ang Sally, o Rosie – sa loob lang ng bahay ha!

**Awit 9. Kung Hindi/ Buong Tao ang Bata**

Buong buhay mayroong tinatahak,

Tumpak!

Daanan ay patag, minsan lubak,

Wasak!

Susugod ba o aatras,

Bubuntot ba o lalampas?

Paano kung may biglang magbanggaan?

Naman!

Wag idaan sa sapak,

Tumpak!

Mag-usap-usap lahat,

Dapat!

Pumasok sa kasunduan

At ating susubaybayan.

I-wish mo na lahat magsunuran.

*Andoon pa rin ang mga kalat ni Tonton.*

JOSELLE: Ops, ops, ops, teka, Tonton, unang warning mo ito. Anong sabi natin, anong gagawin pagkatapos maglaro?

TONTON: Magligpit po.

ROMY: Alam mo, hinahayaan ka naming maglaro, pero dapat…

TONTON: Eto po, ligpit na po.

JOSELLE: Unang warning mo na yan kasi noon pa natin pinag-usapan yan. Anong gagawin natin pag inulit mo ‘to?

TONTON: Kakain ako ng sabon?

JOSELLE: Hindi!

TONTON: Hindi na ko maglalaro?

ROMY: Maglalaro ka pa rin pero…

JOSELLE: Pero, isang laruan lang ang puwedeng ilabas.

*Aawit.*

Wag idaan sa sapak,
Tumpak!
Mag-usap-usap lahat,
Dapat!
Pumasok sa kasunduan
At ating susubaybayan.
I-wish mo na lahat magsunuran,
(Kung hindi…)

Lahat ay magsunuran
(Kung hindi)

Balikan ang kasunduan

(Kung hindi)

Harapin ang kahihinatnan (or kalalabasan)

(Kung hindi)

Wala kang natutunan

(Kung hindi)

Anong iyong patutunguhan?

ROSALIE: May praktis po kami ng sayaw.

JOSELLE: Okay pero anong oras ang uwi mo niyan?

ROSALIE: Ten o'clock.

JOSELLE: Pag lumampas ka doon?

ROSALIE: O di… ako'ng maghuhugas ng pinggan ng isang linggo. Itambak nyo lang diyan.

*Aawit.*

Mula nang tayo'y iluwal

Hanggang tayo'y nagsalawal

Namulat sa mga bawal

At sa iba't ibang asal.

Kung bata'y hinuhulma

Ba't mayroong umaalma?

Di lang siya pinoporma,

Inaalam ang pagkatao niya,

Buong tao ang bata,

Buhay niya'y kanyang-kanya.

*Masaya ang itsura ni Joselle. Ilalabas ang tray ng pagkain.*

ROMY: O akala ko pina-cater sa yo yan.

JOSELLE: Hayaan mo sila, gusto kong mag-celebrate sa ginawa natin.

*Muling papasok si Inday. Pinamimigay na ang pagkain.*

JOSELLE: Halika, Inday! May konting handaan tayo.

INDAY: Wow, napaaga ang despedida mo ah.

JOSELLE: Anong despedida? Hindi na ako aalis.

LAHAT: Ha?

INDAY: Bakit?

JOSELLE: Maghanap ka na muna ng iba. Saka mo na ko balikan. Magte-training muna ako dito *(titingnan ang pamilya)*.

ROMY: Ako, bibigyan mo ng training.

JOSELLE: Magdadagdag kami ng kaalaman.

INDAY: Ay, ewan ko sa inyo. Masaya pa kayo! May bago ba kayong sideline? Sige, salamat sa take-out. *(Lalabas.)*

*Magdadala si Tonton ng plato ng pagkain.*

ROMY: Tonton, sinabi nang huwag mong –

*Pandidilatan ni Joselle si Romy.*

TONTON: Tingnan n'yo, 'tay, o, dalawang kamay ang gamit ko.

JOSELLE: Kitam, natututo rin yan.

*Aawit sila.*

Kung bata'y hinuhulma
Ba't mayroong umaalma?
Di lang siya pinoporma,
Inaalam ang pagkatao niya,
Buong tao ang bata,
Buhay niya'y kanyang-kanya.

Kilalanin ang kanyang katauhan,
Ipatupad ang kanyang karapatan,
May bawal, may mapapayagan,
Basta't isaalang-alang
na walang masagasaan.

Lahat, guro, nanay, tatay,
Tayong lahat nagsasanay,
Kung paano ba ang gumabay
Makinig, magmahal at magbigay.

*Magdidilim.*

**Eksena 24. Epilogo**

*Magliliwanag. Sa isang bahagi ng entablado makikita ang MAGKUYA. Nakatambay lang ang kuya at maglalabas ng yosi; naglalaro namang mag-isa ang bata. Pabalang magsalita ang bata, pero mukha namang nagpapakasenyorito ang kuya.*

KUYA: Gie, paki kuha nga yung posporo sa loob o.

GIE: Bakit? Di mo ba kayang gawin?

*Akmang kukunin ng kuya ang tsinelas at ihahagis sana sa kapatid nang biglang papasok si Joselle at ipupuwesto ang pintuan sa kanila (o lalamunin ng pinto ang magkuya). Magdidilim.*

***~ Telon ~***